

ANG HULING MAMBABATOK: ISANG MUSIKAL

## **SYNOPSIS**

Isang batang Kalinga mula sa pangkat ng mga Butbut, si Whang-Od, ay minsang nangarap na maging isang mambabatok. Hindi man pormal na tinuruan, nagpursige siya na matuto sa pamamagitan ng pagmamasid at pagsubok. Sa loob ng isang daang taon ay makikita natin ang buhay at kultura ng mga Kalinga na humubog sa isang babae upang maging mahalagang bahagi ng ating kultural na identidad. Si Whang Od, bilang isang batang Butbut na natututong mag-tatu sa pamamagitan ng pagmamasid. Si Whang Od, bilang isang dalagang umibig at nabigo ngunit ipinagpatuloy ang buhay sa sining. Si Whang Od, bilang isang nakakatandang miyembro ng lipunan, na sumisimbolo sa mayamang sining at kultura ng mga Kalinga. At isaang daang taon ang nakalipas, makikita natin ang pagkakaugnay-ugnay ng mga tao at bagay sa pamamagitan ng tattoo.

## TAGPO

Ang dula ay magaganap sa pamayanan ng mga Butbut sa Buscalan, Kalinga sa iba't ibang panahon ng buhay ng pangunahing tauhan, si Apo Whang-Od.

### TAUHAN

APO WHANG-OD:	Isang babaeng Kalinga na mambabatok. Makikita siya sa tatlong katauhan: bata, dalaga, at kasalukuyan.
FATEK:	Ang dating kasintahan ni Apo Whang-Od.
HAROLD:	Isang Fil-Am na pumunta sa Buscalan upang magpatattoo.
LAKAY BACCOY:	Ang pinuno ng mga Butbut.
OGGAY:	Ang ama ni Whang-Od
WHAG-AY:	Isang tanyag na mambabatok noong kabataan ni Whang-Od.
LUGJAB:	Kababata ni Whang-Od, ang napangasawa ni Fatek. Makikita siya sa dalawang panahon: bata at dalaga.
ROGELIO:	Isang Filipinong sundalo noong Ikalawang Digmaang pandaigdig.
MAC-LIING	Isang pinuno ng mga Butbut ng Kalinga.
MGA KAWANI:	Dalawang kawani ng gobyernong ipinadala sa Kalinga.
AYAH:	Apo ni Whang-Od na lumisan papuntang Baguio.
GRACE at ELYANG:	Mga apo ni Whang-Od na tinuruan niyang mambatok.
UWAK at BUTIKI:	Dalawang likhang-isip na nilalang na nagkuwento ng alamat ng mga batok.
MGA BUTBUT:	Ang iba't ibang mga tauhan sa dula na gumanap na mga mambabatok, mandirigma, mga dalaga at binata, at mga babae at lalaki.

## PROLOGUE

*Madilim ang entablado. Maririnig ang pagkanta ng Batang Whang-Od ng Salidummay. Unti-unting magliliwanag. Maririnig ang pagkanta ng Dalagang Whang-Od. Matapos niya ay maririnig naman ang pagkanta ni Apo Whang-Od.*

## UNANG YUGTO

### UNANG TAGPO

*Papasok si Harold ng entablado.*

HAROLD:

Good day Whang Od. My name is Harold Davis, I've travelled all the way from Iowa just to get to visit you. I am a Filipino American interested to trace my roots. It will be an honor for you to tattoo me. Apo, what's the meaning of that tattoo?

BATANG WHANG-OD:

Ang batok na ito ay ang *kayaman*. Nagsisilbing anting-anting na pang proteksyon at espiritwal na patnubay.

*Maririnig ang tunog ng mga pateteg. Mayroong lalabas na tao sumasayaw bilang isang kayaman.*

DALAGANG WHANG-OD:

Ang batok na ito ay ang ahas - mailap at matalino. Sumisimbolo ng tapang laban sa iyong mga kaaway.

*Lalabas ang taong sumasayaw na parang ahas.*

APO WHANG-OD:

Ang batok na ito ay ang agila, malaya at makapangyarihan simbolo ng lakas, paggabay, at kalayaan.

*Lalabas ang taong sumasayaw bilang agila.*

APO WHANG-OD:

Gusto mo bang malaman ang kwento sa likod ng mga batok sa aking balat?

HAROLD:

I'd love to!

APO WHANG-OD:

Magsimula tayo sa pinagugatan ng mga batok na ito — ang aming tribung Butbut, panahon ng pakikidigma ng mga *mengor*, panahon ni Apo Whang-Od nang siya'y dalaga at nang siya'y bata pa.

### **IKALAWANG TAGPO**

*Magliliwanag ang entablado sa Butbut village. Papasok ang mga Bubut, na may dala-dalang iba't ibang mga kagamitan para sa mga gawaing pang-araw-araw.*

AWIT 1:                   **KAMING MGA BUTBUT**

KORO:

Dito sa aming *ili*

Lupa ang aming yaman

Agimat namin ang aming balat

Pamana ng aming yaman

MGA BABAE:

Payak na pamumuhay

Ang sa amin ay gumagabay

Sapat na bigas sa sisidlan

Mahimbing na tulog sa higaan

KORO:

Dito sa aming *ili*  
Lupa ang aming yaman  
Agimat namin ang aming balat  
Pamana ng aming yaman

MGA LALAKI:

Ngunit kung may nagbabanta  
Sa buhay naming payapa  
Handang magbuwis ng buhay  
Maduguan man ang mga kamay

KORO:

Dito sa aming *ili* (village)  
Lupa ang aming yaman  
Agimat namin ang aming balat  
Pamana ng aming yaman

DALAGANG WHANG OD:

Pamana ng aming yaman  
Agimat sa aming balat  
Dito sa aming *ili*  
Kami ang aming yaman

*Aalis ang taumbayan at matitira sa entablado ang isang bata, batang Lugjab, at batang Whang-Od. Papanoorin nina Batang Lugjab ang mga dalagang nagpapaganda gamit ang asut habang si Batang Whang Od naman ay abalang nagmamasid kay Whag-Ay.*

APO WHANG-OD:

Bata pa lamang kami nina Lugjab, pinangarap na naming lahat na magkabatok. Madalas nila akong mahuli na nagmamasid kay Whag-ay sa tuwing bumibisita siya sa aming *ili*.

BABAE 1:

Bukod sa mga batok, magugustuhan ka rin ni Fang-ig kapag naglagay ka ng *asut* (achuete) sa iyong mukha.

BABAE 2:

*Whayyu!* (Maganda) Ang ganda! Ikaw naman para kay Puchay.

BATA 1:

Ikaw ba ang mangwhatok mamaya sa *tumó* ?

BATANG WHANG-OD:

Malalaman mo rin.

BATANG LUGJAB:

Bakit kailangan magpabatok?

BATANG WHANG-OD:

Lugjab, maraming dahilan. Para sa mga babae, ang batok ang mas lalong nagpapaganda sa atin.

BATANG LUGJAB:

Eh bakit si Ama, may mga batok? Nagpapaganda riba siya?

BATANG WHANG-OD:

Isang matapang na mandirigma ang iyong ama. Sa tuwing umuuwi siya mula sa labanan, dala niya ang dangal ang ating lahi. Kaya nga tayo namumuhay ng masagana at matiwasay.

BATA 1:

Gusto ko rin ng batok!

BATANG LUGJAB:

Ako rin!

BATANG WHANG-OD:

O sige, handa na si Apo Whag-Ay sa inyo mamaya.

LALAKE 2:

*Mansikab!* Masakit!

BATANG LUGJAB:

Bukas na lang.

BATA:

Tawag na ko ni ina.

BATANG WHANG-OD:

Sa una lang yon masakit!

*Hahabulin ng batang Whang-Od ang dalawang kalaro palabas ng entablado. Papasok si Fatek.*

APO WHANG-OD:

Fatek?

HAROLD:

Is he your first love?



APO WHANG-OD:

Nung dalaga ako, mayroon akong Fatek. Nanligaw siya sa akin, niyaya niya akong magpakasal. Pero... masalimuot!

*Ibibigay ni Apo Whang-Od ang mga gamit ng pambabatok kay Dalagang Whang-Od.*

APO WHANG-OD:

Galingan mo ah!

FATEK: *(Kay dalagang Whang-Od)*

Magsisimula na.

DALAGANG WHANG OD:

Alam ko naman, hindi mo kailangang sabihin.

FATEK:

Dumaan ako sa bahay ninyo, wala ka.

DALAGANG WHANG OD:

Ahh... Maaga akong nagising.

FATEK:

Alam mo namang dinaraan kita sa umaga.

DALAGANG WHANG OD:

Simula bukas ay huwag na.

FATEK:

May problema ba?

DALAGANG WHANG OD:

Alam mo na naman ang ibig kong sabihin, di ba?

FATEK:

Pabaya mo na ang sinasabi ng iba.

DALAGANG WHANG OD:

Hindi sila iba, ama at ina mo sila.

FATEK:

Pero ikaw ang laman nito. (*hahawak sa dibdib*)

DALAGANG WHANG OD:

Whang Od! (*kikilig*)

*Susutsutan ni Dalaga si Apo.*

DALAGANG WHANG OD:

Sa kanila ka nagmula. Kailangan mong sundin ang nais nila.

FATEK:

Paano kung umalis tayo dito. Pwede tayong bumaba sa Bontok. May kakilala ako sa Baguio, sabi niya, may asenso ang buhay doon.

DALAGANG WHANG OD:

Naririnig mo ba ang sarili mo?

FATEK:

Hindi lamang ang sarili kundi ang tayo.

*Maririnig ang tunog ng mga gong.*

DALAGANG WHANG OD:

Halina na, magsisimula na.

*Kukunin ni Whang-Od ang gamit pambatok. Titingin kay Fatek, sa gamit.*

DALAGANG WHANG OD:

*Intaud aschi. Punta na tayo don.*

*Lalabas ng entablado ang dalagang Whang-Od at Fatek. Papasok ng entablado ang mga babae.*

BABAE 1:

Mabuti naman at ligtas ang iyong asawa.

BABAE 2:

Hindi nga ako nakatulog sa magdamag.

*Lalabas ng entablado ang mga babae. Papasok ang dalawang lalaki.*

LALAKI 1:

Balang araw ay makakasama rin ako sa digma.

LALAKI 2:

Matagal mo nang sinasabi iyan.

*Lalabas ng entablado ang mga lalaki. Papasok ang mga babae.*

BABAE 3:

At mamaya ay madadagdagan na naman ang batok niya sa dibdib.

BABAE 4:

Ay kailan naman kaya magkakabatok ang aking asawa?

BABAE 3:

Narinig mo ba kung papaano nila ginapi ang mga kaaway?

BABAE 4:

Ang sabi nila, may mga umatras daw, natakot sa kanila.

*Maririnig ang tunog ng gangsa. Lalabas ng entablado ang mga babae. Papasok si Laccay*

*Baccoy kasama si Whag-ay.*

LAKAY BACCOY:

Naririto tayo ngayon upang ipagdiwang ang tagumpay ng ating mga mandirigma.

Kasama natin ngayon si Whag-Ay. Hindi man siya Butbut, at hindi man siya *kaili*,

isa siyang kilalang mangwhawhatok sa Kalinga. Wala mula sa atin ang siyang namatay. Narito na ang matatapang nating mga *Mengor!*

*Papasok ang mga mandirigma, magsisimula na ang pagsasayaw. Susunod pumasok ang taumbayan.*

AWIT 2:

## AWIT NG MATATAPANG

KORO:

Kami ang mga mandirigma

*Annung* naming ipaglaban

*Chazaw (chajaw)* ng aming lahi

Hinding-hindi kami magpapagapi

Para sa aming *Kailian (Kailyan)*

Ipapamalas buong *tuyod*

Walang damang *whain (hwaine)*

Sa *wha-ug* sa *ayan-ayan*

Kami ang mga mandirigma

Tungkulin naming ipaglaban

Dangal ng aming lahi

Hinding-hindi kami magpapagapi

Aming *ayasag* sa lagwig

*Tuhway* namin sa *aaw*

*Ontog* na pananampalataya

Kay *Ahunjan* tagapaglikha

Kami ang mga mandirigma

Tungkulin naming ipaglaban

Dangal ng aming lahi

Hinding-hindi kami magpapagapi

*Papatunugin ni Lakay ang gangsa. Maririnig ang pagsabay ng pateteg sa gangsa. Makikitang tinatattoo-an ni Whag-ay ang mga mandirigma.*

LAKAY BACCOY:

Noong unang panahon, noong wala pang *budong*, noong ang mga *taku* ay wala pang tino, dumanak ang dugo, umagos sa lupa galing sa mga bundok. Umabot sa kalangitan ang masasangsang na amoy ng dugo mula sa mga napaslang na mga mandirigma. Nagalit ang dakilang si *Ahunjan* panginoon nang lahat na nilikha. Bilang kaparusahan, sa bawat buhay na kinuha, kailangang sugatan ang balat, markahan ang sarili. Upang sa pagtawid sa kabilang buhay ay makilala ang dangal ng mandirigma.

*Lalabas ang mga Butbut, maiiwan lamang si Oggay, Whag Ay, at Lakay Baccoy sa entablado.*

LAKAY BACCOY:

Oggay! Napakagiting niyo kanina sa labanan! Maraming salamat sa inyo!

Kamusta naman ang palayan ngayon?

OGGAY:

Masagana naman, maganda rin ang panahon ngayon. Hay ang bigat ng likod ko!

LAKAY BACCOY:

Di bale, o inom.

*Magaabot ng bote si Lakay kay Oggay.*

OGGAY:

Aba! Saan niyo naman nakuha yan?

WHAG-AY:

Bigay yan sa akin ng Kristiyanong misyonaryo. Dali, inom na!

*Kukunin ni Oggay ang inumin at ilalaklak. Mabibigla siya sa lakas.*

OGGAY:

Aré! Lakas naman niyan!

*Magtatawanan sina Whag-ay at Lakay.*

WHAG-AY:

Hina mo naman!

LAKAY BACCOY:

Parang hindi ka Butbut! Kala ko pa naman ontog, malakas ka!

OGGAY:

Mga lagwhin! Imoral! Malakas ako haha

*Magtatawanan parin ang dalawa.*

OGGAY:

O, bakit walang mga tao dito? Hindi pa dapat nagpupulong tayo ngayon para pag-usapan ang kalagayan natin?

LAKAY BACCOY:

Tama ka naman, pero kakatapos lamang ng tumo natin. Masaya pa mga tao.

WHAG-AY:

Nakalimutan muna ang mga problema sa buhay.

OGGAY:

..sa bagay.

WHAG-AY:

Pero alam niyo, pagkatagal, rarami pa ang mga problema dito sa lugar niyo.

LAKAY BACCOY:

Paano mo naman nasabi yan Whag-ay?

WHAG-AY:

Galing ako sa ibang ili, marami na akong nakita.

OGGAY:

Katulad ng?

WHAG-AY:

Malamang pagtagal, makukulangan ka kayo ng ani dito sa ili.

LAKAY BACCOY:

Bakit? Marami naman kaming lupa!

WHAG-AY:

Hindi lang lupa ang dapat niyong prinoproblema. Pati ang panahon. Ang init at kadalasan ng ulan.

LAKAY BACCOY:

Aré! Walang kahawian! Hindi iyan mangyayari sa Butbut!

WHAG-AY:

Maniwala kayo sa akin. Mangyayari at mangyayari ‘yan. Pati ang pagbabatok, mawawala rin..

OGGAY:

Bakit naman? Tradisyon natin 'to!

WHAG-AY:

Hindi ba ikaw mismo, Oggay, ay tumigil?

*Mananahimik si Oggay.*

OGGAY:

Napansin mo din Whag-Ay? Nung nagsimula ang budong, paonti na ang mengor natin..

WHAG-AY:

Totoo. Balang araw, matutulad na tayo sa mga tao sa labas ng ili, at makakalimutan rin natin ang sarili.

LAKAY BACCOY:

Aré! Ayan ang sinasabi ko!

OGGAY:

Paano naman?

WHAG-AY:

Ganoon ang nangyari sa ibang ili. Kinalimutan na nila ang mga pamamaraan nila dahil sa mga dayuhan. Pati ang pambabatok.

LAKAY BACCOY:

Ayan! Dahil sa mga galing sa labas. At alam mo ba dahil rin sa kanila?

Nagkakasakit rin ang iilan sa atin!

WHAG-AY:

Di bale, sigurado naman ako na magagamot ko sila.



OGGAY:

Ngunit di naman lahat ng dala nila ay masama..merong silang mga ibang klaseng medisina na nakakatulong din naman sa atin..

LAKAY BACCOY: (tatawa)

Alam mo, malamang ganyan ka dahil asawa mo mismo ay hindi taga Butbut!

*Tatawa si Lakay nang malakas, hindi napapansing hindi tumatawa ang dalawa.*

LAKAY BACCOY:

Paumanhin. Nadala lang ng alak.

OGGAY:

Ayos lang.

*Inom ulit si Oggay*

WHAG-AY:

Isang taon na nga pala no, Oggay?

OGGAY:

Oo.

WHAG-AY:

At kamusta naman ang inyong anak?

OGGAY:

Maliksi. Masaya. Parang nanay niya lamang dati.

*Katahimikan. Magaaya ng tagay si Oggay.*

OGGAY:

Para sa ili.

LAHAT:

Para sa ili.

## **IKATLONG TAGPO**

*Papasok ang batang Whang-Od.*

OGGAY:

At bakit ngayon ka lang?

APO WHANG-OD:

Ama...

BATANG WHANG-OD:

Naririto si Whag-Ay!

WHAG-AY:

O, siya. Mauuna na kami.

*Katahimikan. Lalabas si Whag-Ay ng entablado. Mamasdan ni Whang Od ang mga batok sa katawan ni Whag Ay.*

BATANG WHANG-OD:

Ama, san nagmula ang mga batok?

OGGAY:

Sa uling.

BATANG WHANG-OD:

Hindi iyon ang ibig kong sabihin.

OGGAY:

Ah, noong unang panahon, matalik na magkaibigan ang butiki at uwak. Isang araw, sinabi ng uwak sa butiki:

UWAK:

Gumaganda ang balat kapag may batok, halina, kumuha tayo ng uling at lagyan natin ng batok ang isa't isa.

BUTIKI:

Maganda nga iyan!

OGGAY:

Ang sagot ng butiki sa kaibigang uwak. Naghanap at naghanap ang dalawang magkaibigan ng uling. Nang makakita sila ay sabay na tumungo ang dalawa sa may pampang ng ilog upang magpabatok.

BUTIKI:

Ako na ang mauna.

OGGAY:

Ang sabi ng butiki. Kumuha ang uwak ng tinik at nilagyan ito ng uling. Nagsimula na siyang mambatok. Magandang mga disenyo ang inilagay ng uwak sa butiki.

BUTIKI:

Ang ganda!

UWAK:

Ngayong maganda na ang iyong balat, ako naman ang iyong lagyan ng batok.

BUTIKI:

Mahiga ka para hindi ka mapagod.

OGGAY:

Humiga sa isang bato ang uwak.

BUTIKI:

Isara mo nang mabuti ang iyong mga mata, para hindi ito pasukin ng uling at nang hindi ka mapuwing o mabulag.

OGGAY:

Sumunod ang uwak, humiga ito at isinara ang mga mata. Kinuha ng butiki ang uling at ibinuhos ito sa uwak.

BATANG WHANG-OD:

Ama, kaya ba maitim ang uwak, at ang butiki nama'y parang may batok ang balat?

OGGAY:

Tama.

BATANG WHANG-OD:

Gusto kong magkaroon ng batok, Ama!

OGGAY:

Hindi pa pwede, masyado ka pang bata.

BATANG WHANG-OD:

Paano kung gusto ko maging mambabatok kagaya ni Whag-Ay?

OGGAY:

Ayaw ko.

BATANG WHANG-OD:

Bakit? Hindi ba't noon ay mambabatok din kayo?

OGGAY:

Galit ako sa makulit.

BATANG WHANG-OD:

Mukha naman masaya maging mambabatok. Nakakapunta ka sa ibat-ibang tribo at nakakatanggap ka ng mga regalo ng mga binibigyan mo ng batok. Mataas din ang respeto ng mga tao sayo.

*Magtatanong nang magtatanong si Whang Od.*

BATANG WHANG OD:

Bakit ka tumigil?

OGGAY:

Dahil mahirap umasa sa pagbabatok. Paano kung walang gustong magpalagay ng batok? Anong kakainin mo? Ng mga kapatid mo? Di ka kayang buhayin ng pagbabatok sa pang araw-araw. Sa pagtanim sigurado kang laging may ani, laging may maihahahin sa hapag.

BATANG WHANG-OD:

Ama...

OGGAY:

Ito na ang huli.

BATANG WHANG-OD:

Ama...

OGGAY:

Matulog ka na.

*Lalabas ng entablado si Oggay.*

AWIT 3: **KUNG MATUTUTO LANG AKO**

BATANG WHANG-OD:

Ano kaya ang kaya kong gawin?

Kung matututo lang ako

Bakit sa akin ay ipinagkait

Ang abutin ang aking langit

Ano kaya ang kayang abutin?

Kung ang malaya lamang ako  
Walang pangarap ang kapantay  
Sa pagtawid nitong buhay

Kung matututo lang ako  
Lahat ng bagay ay gagawin ko  
Iguguhit ko sa aking palad  
Kapalarang nais ilipad  
Kung matututo lang ako  
Walang tala ang hindi abot

Ano kaya ang dapat kong gawin?  
Upang matutunan ko  
Kailangan bang isuko sa mundo  
Mga alinlangan ng aking puso?

Kung matututo lang ako  
Lahat ng bagay ay gagawin ko  
Iguguhit ko sa aking palad  
Kapalarang nais ilipad  
Kung matututo lang ako  
Walang tala ang hindi abot

*Makakatulog na si Whang-Od. Papasok ang Uwak at Butiki.*

BATANG WHANG-OD:

Uwak! Butiki!

*Lilikha ng tunog uwak at butiki ang dalawa.*

BATANG WHANG-OD:

Nais kong maging mambabatok!

AWIT 4:                   **KAMING MGA BATOK**

UWAK:

Kung nais mong matutunan

Lagi mong pakakatandaan

BUTIKI:

Mga pangarap ay pinaghihirapan

Sa huli ito ay makakamtan

UWAK:

Kung nais mo kaming tularan

Salita namin ay iyong dinggin

BUTIKI:

Huwag na huwag mong kakalimutan

Mula sa amin ang dinadalangin

SABAY:

*Huyon chai mangajaw*

Masdan ang aming bawat galaw

Sa pagmamasid may malalaman

Magagamit kailan pa man.

BUTIKI:

Ang bawat linya at hugis

Kailangang maging kawangis

UWAK:

Talas ng mata ay mahalaga

Mga kamay ang siyang magdadala

SABAY:

*Huyon chai mangajaw*

Masdan ang aming bawat galaw

Sa pagmamasid may malalaman

Magagamit kailan pa man.

Kami ngayon ay sabayan:

Huyon chai mangajaw

Masdan ang aming bawat galaw

Sa pagmamasid may malalaman

Magagamit kailan pa man.

UWAK:

Nais mo ba talagang maging isang mambabatok?

BUTIKI:

Habang buhay sa balat ikaw ay pupukpok

BATANG WHANG-OD:

Wala akong ibang pinangarap

Gagawin lahat para lang maganap



BUTIKI:

May mga bagay na kailangang mong gawin

UWAK:

Na sarili lamang ang magtatawid

BUTIKI:

Kapag pangarap mo'y natupad

UWAK:

Sa langit ika'y mapapadpad

BATANG WHANG-OD:

Ako ang magtuturo sa sarili ko?

UWAK:

Ang sarili lamang ang may kakayahan

BUTIKI:

Upang patakbuhan ang mga kaganapan

BATANAG WHANG-OD:

Paano ko tuturuan ang sarili?

UWAK:

Gamitin ang mata at magmasid

BUTIKI:

May biyaya sa iyong paligid

BATANG WHANG-OD:

Maraming salamat mga kaibigan!

UWAK at BUTIKI:

*Huyon chai mangajaw (3x)*

*Mula sa paligid ay kakalap si Whang-Od ng mga kagamitan para sa pambabatok.*

BATANG WHANG-OD:

Una, maghanap ng *whiyug* mula sa uling. Durugin, haluan ng tubig, at isang hiwa ng kamote.

BATA at APO WHANG-OD:

Ikalawa, gumawa ng *luno* (*lunuh*).

APO WHANG-OD:

Kailanman hindi ako nilagyan ng batok ni Ama. Ngunit sa kagustuhan kong matuto, lagi akong nagmamasid tuwing bumibisita si Whag-ay sa aming *ili*. Nung una ay sa sariling balat ko lamang ako nagsasanay, hanggang sa lahat na ng aking mga kaibigan ay mayroong batok — simbulo ng kagandahan naming mga kababaihan. Di nagtagal, ako na rin ang nagbabatok sa aming mga *Mengor*.

APO at BATANG WHANG-OD:

Dalawang *luno*, isang may butas at isa para sa paghampas. Ikatlo, maghanda ng tinik, tinik ng suha — may amoy na pangtaboy sa masasamang ispiritu.

BATANG WHANG-OD:

Handa na ako!

*Papasok si Dalagang Whang Od at ibibigay ng Batang Whang*

APO WHANG-OD:

Naalala ko ang unang beses na ako’y nagka-regla. Ang una kong naisip, magkakabatok na rin ako! *Uyog. Uyog* ang aking nakuha! Ngunit kung hindi dahil sa aking mga batok ay hindi ako maituturing na isang tunay na Butbut. Si ama ay isang mandirigmang Butbut, habang si ina naman ay isang dayuhan sa aming tribu. At dahil dito hindi kami maaaring magsama ni Fatek. Kaya’t

pinagkasundo si Fatek sa matalik na kaibigan ko na si Lugjab. Matagal nang panahon ang nakalipas ngunit nadarama ko pa rin ang hagpis ng kahapon.

### **IKAAPAT TAGPO**

*Papasok sina Fatek at Dalagang Whang-Od.*

FATEK:

Alam ko nang ikaw ang mauuna sa pila ni Apo Whag-Ay.

DALAGANG WHANG-OD:

Siyempre naman! Bata pa lamang ako ay sa kanya ako natutong magbatok.

FATEK:

Akala ko ba hindi siya nagtuturo?

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi nga – ngunit paslit pa lamang tayo ay matigas na ang ulo ko, hindi ba?

Naalala ko nga, palagi akong nagmamasaid sa kanya tuwing bumibisita siya.

Palagi akong hinahanap ni Ama.

FATEK:

Makulit ka nga. Naaalala ko na si Apo Whag-Ay pa ang naglagay ng una kong batok. Hindi ba siya rin ang nagwhatok sa iyo.

DALAGANG WHANG-OD:

Oo, bilang simbolo ng aking pagdadalaga. Masaya nga ako na bumalik siya ulit dito. Hindi ako nakatulog ng magdamag.

FATEK:

Ako rin, ikaw ang naglalaro sa aking isip.

DALAGANG WHANG-OD:

Mabuti at hindi kita sinipa sa isip mo.

FATEK:

Bakit kapag maraming tao ay umiiwas ka?

DALAGANG WHANG-OD:

Alam mo naman ang sagot diyan.

FATEK:

At alam mo naman ang isasagot sa kanila.

DALAGANG WHANG-OD:

Baka may sabihin si Lugjab.

FATEK:

Alam naman niya na ikaw ang nais ko.

DALAGANG WHANG-OD:

Huwag kang maingay, baka may makarinig sa iyo.

FATEK:

Hayaan mong marinig nila.

DALAGANG WHANG-OD:

Ayaw kong may masabi sila.

FATEK:

Dumating nga pala kagabi si Tabuk.

DALAGANG WHANG-OD:

Kamusta siya?

FATEK:

Lumaki ang tiyan.

DALAGANG WHANG-OD:

Si Tabuk? Lumaki ang tiyan?

FATEK:

Hindi na raw siya nakakapaglakad. Buong araw na hawak ang manibela.  
Masasarap daw ang nakakain sa Pangasinan.

DALAGANG WHANG-OD:

Mabuti naman at nakauwi na siya ngayon.

FATEK:

Ang sabi niya, maari raw tayong tumira sa kaniya.

DALAGANG WHANG-OD:

Patawad Fatek, hindi ko maiiwan ang ili. Ano na lamang ang sasabihin nila sa atin. Ng mga magulang mo, ni Lugjab. Hindi ko iyon magagawa sa aking mga magulang.

FATEK:

Bakit ba magulang natin ang iniisip mo? Paano ang gusto mo? Ang gusto natin?

DALAGANG WHANG-OD:

Fatek ayaw sakin ng mga magulang mo dahil hindi ako purong Butbut. Hangga't hindi nila ako tanggap, hindi tayo pwede mag-sama. Magagawa mo bang suwayin sila?

FATEK:

Magagawa ko kasi whayugwho siya. Ikaw mahal mo ba ako?

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi na yon importante. Huli na ang lahat. Ikakasal ka na kay Lugjab. Kaya parang awa mo na, Fatek. Umalis ka na lang bago magkaron ng problema.

*Papasok ng entablado ang mga Butbut, lalapit kina Whang-Od at Fatek.*

DALAGA 1:

Anong batok ang nais mo?

DALAGANG WHANG-OD:

*Kayaman* ang sa akin!

DALAGA 2:

*Whayyu!* (Maganda)

FATEK:

*Kayaman* din ang sa akin.

LUGJAB:

At bakit mo naman ginagaya si Whang-Od?

DALAGA 2:

Lugjab, Para maski lang sa batok eh magkaisa sila.

FATEK:

Bagay naman sa akin ang *kayaman*.

DALAGA 1:

Alam naman natin na ayaw ng mga magulang ni Fatek kay Whang-Od.

DALAGA 2:

Bagay pa naman silang dalawa!

LUGJAB:

Nakakainis!

*Lalabas ng entablado si Lugjab. Lalabas ang lahat. Papasok ng entablado si Whag-ay.*

*Maglalakad si Whang-Od papunta kay Whag-ay at magpapabatok.*

WHAG-AY:

Saan?

DALAGANG WHANG-OD:

*Dito. (Ilalapit ang balikat)*

*Katahimikan.*

DALAGANG WHANG-OD:

*Kayaman!*

*Magsisimula nang mambatok si Whag-Ay. Lahat ay tahimik na nanununod. Maririnig ang tunog ng pambabatok. Unti-unti ay aalis ang mga nakapalibot sa dalawa dahil sa takot. Matatapos ang isang bahagi ng batok.*

WHAG-AY:

*Whayyu! (Maganda)*

DALAGANG WHANG-OD:

Maraming salamat.

AWIT 5: **MAY MGA BAGAY NA DAPAT PILIIN**

DALAGANG WHANG-OD:

May mga bagay na dapat piliin

Upang pangarap ay mapasaakin

Paano kung ito'y salungat sa mundo

Maaatim bang kalimutan ng puso

Tulad ng isang taong nais lumipad

Ngunit walang pakpak na magtutupad

Pipiliin ba ang atang na tungkulin

O ang pangarap nitong damdamin

Kung nais tuparin ang mga pangarap

Bigyan ng batok ang bawat balat

Talikuran ang dikta ng mundo

Upang palayain ang nais ng puso

Tulad ng isang taong nais lumipad

Ngunit walang pakpak na magtutupad

Pipiliin ba ang atang na tungkulin

O ang pangarap nitong damdamin

*Huyon chaw mangajaw (5x)*

May mga bagay na kailangang kong gawin

Na sarili lamang ang magtatawid

Kapag pangarap ko'y natupad

Sa langit ako'y mapapadpad!

*Mansikab!* Parang ayoko na!

Mayroon nga bang salita

Na kayang magsabi, o magkubli

Ng sakit nitong nito puso?

Hahanapin ko ang lunas

Sa pait na aking dinaranas



Sa alaala mo'y makatakas

Abutin man ng wakas

Ngayon, masakab lamang

Ang siyang salitang kayang

Awitin nitong pusong darang

Ng iyong pag-ibig ko hirang

Walang sugat na hihigit

Sa nararamdaman kong pait

Ngunit hindi kayang ipagpalit

Alaala ng iyong langit

Itong mga batok sa aking balat

Nagmula man sa tinik at sugat

Sa lambing ng haplos mo ay salat

Aking isusuko ang lahat-lahat

Ambunan man ng aking dugo

Mga labi ng lupa ay dumapo

Walang salitang mabubuo

Ang dalamhati nitong puso

Ngayon, masakab lamang

Ang siyang salitang kayang

Awitin nitong pusong darang

Ng iyong pag-ibig ko hirang

Walang sugat na hihigit

Sa nararamdaman kong pait

Ngunit hindi kayang ipagpalit

Alaala ng iyong langit

**IKALIMANG TAGPO** (Kasalukuyang Panahon)

*Papasok ng entablado si Apo Whang-Od, kasunod ang mga batang babaeng Butbut.*

BABAE 4:

Apo, hindi po ba kayo napapagod sa maghaponing paglalagay ng batok?

APO WHANG-OD:

Pag nagtagal, sumasakit rin. Pero okay lang, bata pa naman si apo.

BABAE 3:

Apo, sabi sa akin ng lolo ko. Masama daw ang dumadayo dito sa atin, masisira daw ang ili.

APO WHANG-OD:

*Khaa man?* (bakit?) Ang kabutihan at kasamaan ay mga pananaw. Magiging masama lamang pagpasok ng mga turista kung hahayaan nating abusuhin nila ang *ili*. Tayo pa rin ang magtatakda ng mga bagay na makakabuti para sa atin.

BABAE 4:

Apo, ang pambabatok ba ay para sa ating mga Kalinga lamang?

APO WHANG-OD:

Ang pambabatok ay yaman naming mga Butbut. At, ito ay bukas naming ipinamamahagi sa kung sinumang mangagailangan nito. Sa pagbabatok maari naming ipaalala sa mundo na kami ang mga Butbut — nabubuhay at may sariling sining.

DALAGA:

Ang nais ko’y *sa’yang (sah-yang)* upang ako ay tumangkad!

BINATA:

Ang sa akin nama’y *lapa*

DALAGA:

Lagyan mo ako ng *lawhat* para ako’y magkaanak.

BINATA:

Punuuin mo itong braso ko ng *tinullipao* nang bisig ko’y lumakas.

APO WHANG-OD:

Iba’t ibang batok ang mga nais

Kani-kaniyang mga hiling

Ano pa man ang dami at hugis

Ang pangarap lamang ay makapiling

### **IKAANIM NA TAGPO**

*Magliliwanag ang entablado. Sa gitna ay makikita si Whang-Od at ang isang binata na nilalagyan ng batok sa dibdib. May ilang nakapalibot sa kanila.*

BINATA 1:

*Mansikab! Masakit!*

*Lalong lalakanan ni Whang-Od ang paghampas sa balat.*

BINATA 2:

*Mansikab? Tiisin mo iyan.*

*Mag-iingay ang mga babae at lalaki, magtatawanan. Titigil si Whang-Od at aalis.*

BINATA 1:

Ang inggay ninyo kasi!

DALAGA 1:

Mas mainggay ang “*Mansikab!*” mo!

BINATA 2:

*Manluwa ka na sa mata mo.*

*Tawanan. Papasok ng entablado si Fatek, si George, isang Amerikanong sundalo. Papasok sa entablado ang mga butbut, naninibago sa bagong bisita.*

FATEK:

Wait here.

GEORGE:

Go ahead.

FATEK:

Si Whang-Od?

DALAGA 2:

Ipakilala mo ako. (*Kay Fatek*)

FATEK:

Si Whang-Od ang pakay niya. (*kay dalaga 2*) *Achi napping?* (*kay binata 1*)

BINATA 2:

*Mansikab!*

FATEK:

Ginulo na naman ninyo si Whang-Od. Tawagin ninyo nga, may bisita. (*kay binata*  
2)

BINATA 2 ():

Ikaw na lang, baka ako ay kagalitan.

FATEK:

May gin at sigarilyong dala iyan.

*Tatakbo palabas ang Binata 2.*

FATEK:

Whang-Od resting.

GEORGE:

I can wait.

*Babalik ang Binata 2.*

FATEK:

Nasaan si Whang-Od.

BINATA 1:

Ayaw lumabas.

FATEK:

Bantayan mo ito.

*Lalabas ng entablado si Fatek.*

BINATA 2:

Mas malakas siguro ang "*Mansikab!*" nito.

DALAGA 2:

Ano kaya ang ipapabatok niya?

BINATA 1:

Lalabas kaya si Whang-Od.

BINATA 2:

Malakas kasi ang hiyaw mo.

BINATA 1:

Hindi ako humihiyaw! Nagtatawanan kasi kayo! Alam ninyo naman na ayaw ni Whang-Od ng maingay habang nambabatok.

BINATA 2:

*Mansikab* ba talaga?

GEORGE:

What is Man-sea-cab?

DALAGA 1:

Sagutin mo. (*kay binata 2*)

BINATA 2:

Oh, mansikab! Like masakit!

GEORGE:

What is masakit?

DALAGA 2:

Sounds like aray! Ouch!

GEORGE:

What? Sorry, I'll just ask Fatek.

*Ipapaintindi sa dayuhan ang kahulugan ng “Mansikab” sa paglalaro ng charades. Papasok ng entablado si Fatek, kasunod si Whang-Od.*

DALAGANG WHANG-OD:

Nagpaalam ka na ba sa mga Lakay?

FATEK:

Dumaan na kami kanina, pumayag naman sila.

DALAGANG WHANG-OD:

Kapalit ng gin?

FATEK:

Papaano sila tatangi?

GEORGE:

You must be...

FATEK:

George, this Whang-Od.

GEORGE: *(inaabot ang kamay)*

My name is George.

DALAGANG WHANG-OD:

Ano ang gusto niya? *(kay Fatek)*

FATEK:

Sa dibdib, agila.

GEORGE:

You are beautiful.

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi.

DALAGA 1:

Whayyu (Maganda) talaga yang si Whang-Od.

BINATA 2:

*Mansikab* nga lamang magbatok.

FATEK:

Anong hindi?

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi ko siya maaaring lagyan ng batok.

GEORGE:

What did she say?

FATEK:

She said she cannot tattoo you.

GEORGE:

Why?

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi siya taga-rito. Ang pambabatok ay sagrado para sa ating mga Butbut lamang. Ito ay hindi nabibili, ito ay pinaghihirapan ng ating mga mandirigma. Pag minarkahan ko ang isang dayuhan, mawawala ang halaga at kagandahan nito para sa ating tribo.

FATEK:

Whang-Od, not tattoo you. She says you're not from here. Tattoos are only for us.

GEORGE:

But I have trekked all the way here just to get a tattoo from you. I even brought gifts.



DALAGANG WHANG-OD:

Pasensya na ngunit hindi ko kayang isuko ang tradisyon para lang sa'yo at sa mga regalo mo.

*Hindi matutuloy ang pambabatok ni Whang-Od kay George. Pag katapos ng ilang sandali, maririnig ang putok ng baril.*

GEORGE:

The Japanese are here!

*Maririnig ang tunog ng digmaan. Papasok si Apo Whang-Od.*

APO WHANG-OD:

Panahon ng mga Hapon. Napakagulo. Madaming putukan ang narinig namin dito sa tuktok ng bundok. Dumating ang mga hapon nang hindi namin inaasahan. Takot man ang lahat, ngunit hindi kami nagpasakop. Gumawa ang tribo namin ng grupo para lumaban - hindi lamang sa mga Hapon, kung di sa mga sundalong Pilipino rin. Lahat may armas, -- lalaki, babae, bata... At ako? Ako ay nanggamot.

LALAKI 1:

Mabubuhay pa kaya ang isang ito?

BABAE 1:

Sayang, mukhang makisig pa naman.

LALAKI 2:

Makisig talaga, nandoon ako sa may kakahuyan ng makita kong sumugod iyan sa mga nagpapaputok na kaaway.

BABAE 2:

Ano kaya ang pangalan niya?

*Lalapit ang Lalaki 1 upang tignan ang pangalan sa dogtag nito.*

LALAKI 1:

R. Mercado?

ROGELIO:

Rogelio Mercado. (*mahina*)

BABAE 2:

Buhay pa siya!

*Tatakbo palabas ang Lalaki 1.*

BABAE 1:

Sandali lang, paparating na ang manggagamot namin.

*Isasaayos ng dalawang babae ang kinalalagayan ni Rogelio. Magdidilim ng bahagi ang entablado, paggabi. Papasok si Whang-Od na may dalang gamit panglunas at ilang halamang gamot.*

*Lalabas ng entablado ang dalawang babae.*

ROGELIO:

Sino ka?

DALAGANG WHANG-OD:

Huwag ka munang magsalita, pagaling pa lamang ang mga sugat mo.

ROGELIO:

Doktor ka ba?

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi.

ROGELIO:

Nurse.

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi din.

ROGELIO:

Ano ka?

DALAGANG WHANG-OD:

Ako ang tumutulong sa'yo ngayon para gumaling ka.

ROGELIO:

Kailangan ako sa giyera.

DALAGANG WHANG-OD:

May mga tao namang naroroon para lumaban.

ROGELIO:

Kaya kailangan ako doon.

DALAGANG WHANG-OD:

Makulit ka pala.

ROGELIO:

Ano ang pangalan mo?

DALAGANG WHANG-OD:

Ako si Whang-Od.

ROGELIO:

Rogelio Mercado, taga-Pangasinan.

DALAGANG WHANG-OD:

Inumin mo ito.

ROGELIO:

Ano 'yan?

DALAGANG WHANG-OD:

Inumin na lang, huwag nang magtanong.

*Inumin ni Rogelio ang gamot.*

DALAGANG WHANG-OD:

Tama ang sinabi ko sa lahat, na mabubuhay ka.

ROGELIO:

Ang akala ko ay mangagamot ka, manghuhula ka rin pala.

DALAGANG WHANG-OD:

Tama ka naman sa lahat.

ROGELIO:

May kulang pa ba sa mga nabanggit ko?

DALAGANG WHANG-OD:

Yung pinakamahalaga.

ROGELIO:

Maganda ka.

DALAGANG WHANG-OD:

Alam ko! Pero hindi iyon.

ROGELIO:

Ano nga?

DALAGANG WHANG-OD:

Halika, kailangan mong maglakad-lakad.

ROGELIO:

Sandali.

*Aalalayan ni Whang-Od si Rogelio. Papasok ang Butbut, may kani-kaniyang mga gawain.*

BABAE 1:

May balita ba kayo kay Fatek?

LALAKI 1:

Ewan ko, baka bumaba sa doon sa giyera.

LALAKI 2:

O baka naman bumaba dahil bigo.

BABAE 2:

Bigo saan?

*Papasok ng entablado si Whang-Od, akay-akay si Rogelio. Maririnig ni Whang-Od ang pinag-uusapan ng mga Butbut.*

DALAGANG WHANG-OD:

Kanina pa ba kayo? Tulungan mo nga ako! *(sa mga lalaki)*

*Tutulungan ng mga lalaki na maglakad si Rogelio. Iaabot ng mga Babae ang kagamitan ni Whang-Od. Pupuwesto ang Babae 1 upang malagyan ng batok ni Whang-Od.*

DALAGANG WHANG-OD:

Saan tayo tumigil noong huli.

BABAE 1:

Ah, dito. *(ituturo ang bahagi ng katawan)*

*Magsisimulang lagyan ng batok ni Whang-Od ang Babae.*

ROGELIO:

Nagtattoo ka pala.

LALAKI 2:

Mambabatok si Whang-Od. Iyon ang tawag namin dito.

ROGELIO:

Ganoon ba. Akala ko ay siya ang mangagamot ninyo.

BABAE 2:

Siya nga. Ang aming mga mambabatok ay may kakayahang manggamot at bumasa ng kapalaran.

ROGELIO:

Maraming salamat. Salamat din sa pagkukop ninyo sa akin. Masakit ba? (*sa Babae 1*)

*Hindi papansinin ng Babae si Rogelio.*

LALAKI 2:

Huwag kang maingay. Kailangan ng mambabatok ng katahimikan... ng liwanag ng araw... ng hangin...

ROGELIO:

Ano na nga pala ang balita sa giyera?

LALAKI 1:

Dumating na raw ang mga Amerikano.

ROGELIO:

Kailan pa!

*Mapapatigil si Whang-Od, mapapatayo.*

LALAKI 1:

Malamang noong isang linggo pa. Kahapon lang namin nabalitaan sa Bontoc.

ROGELIO:

May mga Amerikano ba ngayon sa Bontoc.

LALAKI 2:

Sa Sagada, sigurado ako nandoon sila.

ROGELIO:

Kailangan ko nang umalis.

DALAGANG WHANG-OD:

Bakit? Hindi ka pa tuluyang magaling.

ROGELIO:

Kailangan ako ng Heneral. (*kay Whang-Od*) Maituturo mo ba sa akin ang daan papuntang Sagada? (*sa Lalaki 2*)

LALAKI 2:

Malayo ang lakad.

DALAGANG WHANG-OD:

Manatili ka muna.

ROGELIO:

Maraming salamat sa iyo.

*Huhubarin ni Rogelio ang kuwintas at isusuot kay Whang-Od.*

DALAGANG WHANG-OD:

Paalam.

ROGELIO:

Paalam.

*Lalabas ng entablado si Rogelio. Papasok si Fatek.*

### **IKAPITONG TAGPO**

FATEK:

Whang-Od!

DALAGANG WHANG-OD:

Fatek!

*Lalapitan ni Whang Od si Fatek at magaalinlangan si Whang Od sa gagawin niya.*

DALAGANG WHANG-OD:

Ano ang nangyari sa'yo?

FATEK:

Tumakas panandali, sinilip ko ang giyera. Malupit ang mga Hapon, maraming bahay ang sinunog, maraming bata ang naulila.

DALAGANG WHANG-OD:

Nag-alala si Lugjab sa iyo.

FATEK:

Nag-alala ka rin ba?

DALAGANG WHANG-OD:

Sa akin na lamang iyon.

FATEK:

Mas mahalaga sa akin na malaman kung nag-alala ka.

DALAGANG WHANG-OD:

Matutuwa si Lugjab na nakabalik ka na.

FATEK:

Bakit mo ba ipinagpipilitan si Lugjab?

DALAGANG WHANG-OD:

Dahil iyon ang nais ng iyong mga magulang. Hindi ako purong butbut, Fatek. Ang nais ng mga magulang mo ay makasal ka sa purong butbut. At si Lugjab yon.



FATEK:

Iba ang nais ko, ikaw ang iniibig ko.

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi ko na nais marinig.

FATEK:

Kahit naman hindi mo marinig, alam kong nararamdaman mo.

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi naman mahalaga iyon.

FATEK:

Sa akin iyon ang mundo.

DALAGANG WHANG-OD:

Ngunit ayaw iyon ng mundo.

FATEK:

Wala namang magagawa ang mundo sa nararamdaman ng puso.

DALAGANG WHANG-OD:

Tama na.

FATEK:

Ano yang suot mo?

DALAGANG WHANG-OD:

Kwintas, galing sa kaibigan.

FATEK:

Kaibigan? Yun ba ang nabalitaan kong bisita mo?

DALAGANG WHANG-OD:

Oo, iniwan ng mga Amerikano, akala siguro ay patay na.

FATEK:

Dapat pala ay tinuluyan na.

DALAGANG WHANG-OD:

Huwag ka ngang magsalita ng ganyan! Hindi mo hawak ang buhay ang tao.

FATEK:

Kaya ba hindi ka makasama sa akin noong niyaya kitang umalis dito.

DALAGANG WHANG-OD:

Oo. Hindi natin hawak ang mga buhay natin. Kaya, kailangan mong sundin ang nais ng mga magulang mo - ang ikasal kay Lugjab.

FATEK:

Eh bakit ikaw? Ayaw nga ng ama mong matuto kang magbatok, pero sige, tuloy ka pa rin. Nagawa mong lumaban. Bakit ngayon takot na takot ka?

DALAGANG WHANG-OD:

Dahil iba to - parangap kong maging mambabatok.

FATEK:

Anong pinagkaiba? Pangarap din naman kita.

DALAGANG WHANG-OD:

Fatek....

FATEK:

Malupit ang giyera. Ayokong mamatay na hindi ka kapiling. Kaya Whang-Od sumama ka na sa akin. Umalis na tayo dito. Paano kung huling pagkakataon na natin to?

DALAGANG WHANG-OD:

Sige na Fatek, alam mo naman na mahal kita. Pero hindi tayo pwede. Mahirap sakin to, nasasaktan rin ako. Mas madali kung gumising na lamang tayo mula sa ating mga panaginip. Paalam.

AWIT 6 : KUNG MAARI LANG

FATEK:

Kung maari lang ang sana'y  
Hindi pangakong hinihintay  
Kung maari lang na sana'y  
Sa piling mo ay mahimlay  
Kung maari lang...

DALAGANG WHANG-OD:

Kung maari lang ako'y  
Bigyan ng pagkakataon  
Tatalikuran ko ang lahat  
Ikaw lang ay mahagkan  
Kung maari lang...

*Papasok si Lakay Baccoy sa entablado, susunod si Lugjab kasama ang kanyang mga magulang.*

*Sa kabilang bahagi ng entablado, makikita si Fatek na binibihisan ng damit na pangkasal.*

*Makikita rin si Whang Od sa kabilang bahagi ng entablado na mag-isa.*

LAKAY BACCOY:

Naririto tayo para sa *hoyay* (kasal) nina Fatek at Lugjab. Nagbibigay kayo ng *chazaw* (honor) sa inyong *ayan* (kaluluwa ng mga ninuno). Nawa'y maging *kadtok* (totoo) kayo sa isa't isa, maging *ontog* (malakas) ang inyong pagsasama, at *achu* (marami) umanak.

FATEK at DALAGANG WHANG OD:

Kung maari lang ako'y  
Manahan sa iyong balat  
Ako ay nangangakong  
Palitan ang mga sugat  
Walang pait at hapdi  
Ika'y mararamdaman  
Hayaan pag-ibig ko'y  
Tawirin ang magpakailanman

FATEK:

Kung maari lang...

DALAGANG WHANG-OD:

Kung maari lang...

*Maririnig ang tunog ng mga siren, dagli. Maririnig ang pamosong mga bigkas ni Ferdinand Marcos sa pagdedeklara ng Martial Law. Papasok ang Butbut, nagkakagulo. Maririnig ang tunog ng mga baril.*

*Papasok ang mga kawani ng National Power Corporation, magsisimulang magsurvey sa paligid.*

KAWANI 1:

Sino ang lider ninyo?

LAKAY BACCOY:

Ako.

AWIT 7:

**ASENSO SA PROGRESO**

KAWANI 2:

Kuryente.

KAWANI 1:

Irigasyon.

SABAY:

Iyan ang solusyon!

KAWANI 2:

Ignorante?

KAWANI 1:

‘Wag arrogente!

SABAY:

Lakihan ambisyon!

KAWANI 2:

Sa dam, darami

KAWANI 1:

Palay na maani

SABAY:

Kung gusto ninyong umasenso

‘Wag pigilan ang progreso!

KAWANI 1:

Kaya, pumayag na kayo sa proyektong ito.

LAKAY BACCOY:

Ano ang kapalit?

KAWANI 2:

This mega dam project is a development initiative of the Bagong Lipunan under the generosity and compassion of our dearly beloved, the benelovent President Ferdinand Edralin Marcos.

KAWANI 1:

The soon and rightful king of these glorious archipelago, the pearl of the orient, the Philippines.

KAWANI 2:

Wala pa, wait ka lang. (kay Kawani 1) As I was saying, sorry for the interruption, (kay Lakay Baccoy)

LAKAY BACCOY:

Hindi namin kayo maintindihan.

KAWANI 1:

I know, we know, it's pretty dam obvious! (patawa)

KAWANI 2:

What's so funny?

KAWANI 1:

Dam.

KAWANI 2:

Anong nakakatawa dam?

KAWANI 1:

It's pun!

LAKAY BACCOY:

Saglit lang. Kailangang magpulong muna ang mga pangkat (lider) ng mga tribo.

KAWANI 1:

Talk all you want.

KAWANI 2:

We'll be back!

*Lalabas ang mga Kawani. Papalibutan ng mga Butbut si Lakay Baccay.*

LALAKI 1:

Ano ang dam?

LAKAY BACCOY:

Paparating na si Macli'ling para ipaliwanag sa atin ang lahat.

*Papasok si Whan-Od.*

BABAE 1:

Saan ka nanggaling?

APO WHANG-OD:

Namitas ng tinik.

LALAKI 2:

Sayang at hindi mo na sila naabutan.

APO WHANG-OD:

Sinong sila?

BABAE 2:

Mga kawani, magtatayo daw rito ng dam doon sa Chico.

LAKAY BACCOY:

Ah, narito na si Macli'iing!

*Papasok si Macli'ing kasama ang ilang kasama.*

BABAE 1:

Totoo bang aasenso tayo?

LALAKI 2:

Totoo bang ginhawa tayo?

MACLIING:

Ipatatayo ang dam na ito para lumikha ng kuryente para sa mga siyudad. Ipunin ng dam ang tubig at kapag umangat ang tubig, maraming mga ili ang lulubog.

BABAE 1:

Kahit pa nasa bundok tayo?

MACLIING:

Kung na sa bundok ka, paano ka makakaba sa tubig? Hindi lamang ating mga sarili ang dapat nating iniisip. Paano ang kakahuyang masisira ng tubig?

WHANG-OD:

Ano ang dapat nating gawin?

MACLIING:

Kailangang lagi tayong maging handa.

LAKAY BACCOY:

Maging handa sa ano?

MACLIING:

Na lumaban.

LALAKI 2:

Ano naman ang laban sa kanila?

MACLIING:

Walang pinipili ang pagkakataon na lumaban para sa sarili, para sa kapwa.



LAKAY BACCOY:

Tama si Macli'ing, tayo ay Kalinga, tayo ang lahi ng matatapang.

MACLIING:

Sa pagkakataong ito hindi lamang Kalinga o Butbut ang kailangang magkaisa. Sa susunod na buwan. Magsasamasama ang buong ka-Igoratan sa Maynila upang pormal na tutulan ang planong mega dam.

*Muling papasok ang mga kawani. Reprice ng awit "Asenso sa Progreso."*

KAWANI 1:

Ano pa bang pinagpupulungan ninyo?

KAWANI 2:

Ano pa bang pinagaalinglangan ninyo?

KAWANI 1:

Wala naman na kayong magagawa!

KAWANI 2:

Sa ayaw o sa gusto ninyo, tuloy ang dam!

*Papasok ang iba't ibang mga grupong Igorot, palilibutan ang dalawang kawani.*

AWIT 8: **SABANGAN, BONTOC, TOCUCAN**

KORO:

Sabangan, Bontoc, Tocucan

Anabel ya Betwagan

Bugnay ngibat Tinglayan

Sukiap Legleg Tomiangan

Basao Luplupa Amoato

Bangad Dognak Mabongot

Dupag Pagken Patakas

Losan tako rememberan

Ogod nasapataan

Inggana ad Betwagan

Siya ogod tako losan

(Ito ay isang awit ng pagkakaisa ng mga katutubong Igorot noong panahon ng pakikibaka para protektahan ang Chico River).

MACLIING:

Hindi kami papayag sa gusto ninyo!

APO WHANG-OD:

Hindi ninyo magagapi ang lahing Igorot!

LAKAY BACCOY:

Mabuhay ang lahing Igorot!

LAHAT:

Mabuhay!

BABAE 1:

Hindi kayo tanggap dito.

LALAKI 2:

Maari na kayong umalis.

KAWANI 2:

Hindi pa ito ang katapusan!

KAWANI 1:

Babalik kami!

*Lalabas ng entablado ang dalawang kawani.*

APO WHANG-OD:

Mabuhay ang lahing Igorot!

LAHAT:

Mabuhay!

LAKAY BACCOY: (kay Macliing)

Tapos na, wala na sila, tagumpay na tayo!

MACLIING:

Hindi natatapos ang pakikibaka.

APO WHANG-OD:

Ano ang ibig ninyong sabihin?

*May maririnig na ilang pagputok ng baril, matatamaan nito si Macli'ing. Magkakagulo ang mga tao.*

APO WHANG-OD:

Macli-ing!

LAHAT:

Macli-ing!

*Papasok ang ilang kababaihang Igorot.*

AWIT 9:

**URAY MAID ARMAS MI**

KORO:

Uray maid armas mi (Kahit wala kaming armas)

Armas mi nan lima mi (Armas namin ang aming mga kamay)

Estawi estagawis (Maging mahusay)

Ikmer mis nan fitfitling (Pipisilin namin)

Fitifiling nan laraki (Ang bayag ng mga lalaki)

Estawis estagawis

BABAE 2:

Narinig mo ba ang ginawa nina Petra sa Lepanto?

WHANG-OD:

Tama nga si Macli-iing, hindi natatapos ang pakikibaka. Kahit tayo ay mga babae, malaki ang ginagampanan natin sa lipunan.

LALAKE 1:

Ikaw Whang-Od, may balak ka pa bang mag-asawa?

WHANG-OD:

Lumipas na ang panahong iyon. Nasa pambabatok na lang ang aking buhay. Wala man akong asawa o anak, sa bawat batok na nalilikha ko, doon ko na lamang ibinibigay ang aking sarili. Siguro sa gaanong paraan ko na lamang maipapasa ang karugtog ng aking buhay.

## IKALAWANG YUGTO

### UNANG TAGPO

*Papasok ang ilang kababaihang mambabatok ng Kalinga.*

#### MAMBABATOK1:

Ako si Apo Ilang. Marami pa kaming mambabatok noon. Noong umakyat ang mga kristiyanong misyonero dito sa Kalinga, marami silang nahikayat na sumampalataya sa kristiyanong panginoon. Marami ang nagtakwil na sa mga sinaunang kinagawian.

#### MAMBABATOK2:

Ako naman si Apo Liway Gayu. Natuto akong mambatok noong sampung taong gulang pa lamang ako. Noong nagsimula na ang mga *bodong*, tumigil na ang mga karahasan sa rehiyon. Hindi na nangailangan pang lagyan ng batok ang mga *mengor*. Kailangan ng maghanap ng ibang kabuhayan.

#### MAMBABATOK3:

At ako si Apo Dulay. Isa ako sa mga kasabayan ni Whang-Od. Sa kasamaang palad ay maaga akong nawala. Ngunit alam ko, na habang buhay si Whang-Od, hinding-hindi mawawala ang mga mambabatok.

*Papasok ang dalawang Lakay ng tribo. Susunod ang mga taong bayan na nilalabas ang mga problema nila – tungkol sa pakain, kalusugan, pabahay, edukasyon... Iba't ibang problema.*

*Ipakita na desperado na ang mga tao na mabago ang kalagayan nila. \*hinimatay si Jamie\**

*Maririnig ni Whang-Od ang mga problema ng kanilang tribo at malulungkot.*

*Lalabas si Ayah.*

AYAH:

Whayyu whigwhikat, Apo! Magandang umaga! Kumusta na pala kayo? Ang ganda-ganda niyo naman ngayon. Whayyu! (Maganda) Ay, siya nga pala, Apo, nakakuha na ako ng trabaho sa Baguio. Makakatulong na rin ako sa pamilya ko! Ilang buwan lang ako mawawala dito pero ayos lang, marami naman pwedeng gawin sa Baguio. Maraming masasarap na pagkain, magaganda rin yung ilaw tuwing gabi. At kung magkasakit, malapit lang ang ospital at may sasakyan silang ambulansya. Dito kasi mahirap. Isang oras kang bubuhatin pababa gamit ng kawayan. Sige na, Apo, una na ako. Manjamana! Salamat!

APO WHANG-OD:

Bakit ganyan ang suot mo? Balot na balot ka ha.

AYAH:

Itong jacket? Malamig din kasi sa Baguio, Apo.

APO WHANG-OD:

Alam kong malamig pero bakit parang may tinatago ka?

AYAH:

Ha? Wala Apo.

APO WHANG-OD:

Hindi, may tinatago ka.

AYAH:

Wala nga, Apo.

APO WHANG-OD:

‘Yang balat mo.

*Tatahimik.*

APO WHANG-OD:

Ikinakahiya mo ba ang mga batok mo?

AYAH:

Hindi naman sa ganun, Apo.

APO WHANG-OD:

Bakit hindi mo ipakita? Ipagmalaki mo kung saan ka nagmula.

AYAH:

Iba na ang panahon ngayon, Apo. Marami lang talaga na hindi alam ang ibig sabihin ng mga batok na ito.

APO WHANG-OD:

Paano nila maiintindihan kung itatago mo 'yan?

AYAH:

Hindi nyo naiintindihan, Apo.

APO WHANG-OD:

Ipaintindi mo sa akin!

AYAH:

Naaalala nyo ba noong unang beses kong bumaba ng ili? Doon ko rin unang beses makita kung paano tayo tingnan ng mga taga-baba. Mula ulo hanggang paa. Naririnig ko ang mga bulungan. Kung ano-ano na ang tinatawag nila sa akin. Marumi. Tambay. Kriminal. Basura. Drug addict. Nakakarindi. Hindi lamang sa bulong natatapos ang lahat. Sa tuwing sasakay ako ng jeep o bibili sa palengke, nararamdaman ko na lumalaya ang lahat ng tao sa akin, natatakot na baka nakawan ko sila.

APO WHANG-OD:

Ayah...

AYAH:

Ang sakit, Apo. Tiniis ko lahat. Pero may hangganan din ang lahat, pati ako. Mas magandang itago na lang ang mga batok na ito. Siguro kung gagawin ko ito, mas matatanggap ako ng taga-baba.

APO WHANG-OD:

Sige, gawin mo yan. Pero sa tingin mo ba ay mawawala na ang panghuhusga dahil lamang itinago mo ang tunay na ikaw?

*Tatahimik si Aya.*

APO WHANG-OD:

Tayo ang mga batok na iyan. Nananalaytay sa balat mo ang Butbut. Ang pamilyang kaya mong talikuran para lang maging katulad ng taga-baba. Hindi mo kailangang magtago para matanggap ng iba. Hayaan mong makilala nila ang tunay na ikaw.

AYAH:

Sige na, Apo. Kailangan ko nang umalis.

*Aalis si Aya.*

APO WHANG-OD: *(kakanta ng malungkot)*

Dito sa aming ili, lupa ang aming yaman, agimat namin ang aming balat...

Uwak... Butiki... Whay-an... Pu-ao... Matnao... Ama...

*Susubukang burahin ni Whang-Od ang mga batok sa kanyang balat.*



APO WHANG-OD:

Bakit ba ako nagwhawhatok? Makakain ba ito ng ili? Isang malaking kahihyan lang ang pinangarap ko!

*Lalabas ang batang Whang-Od. Kumakanta ng “Kaming mga Butbut”.*

BATANG WHANG OD:

Una, maghanap ng *whiyug* mula sa uling. Durugin, haluan ng tubig, at isang hiwa ng kamote.

*Mapapatingin si Apo Whang Od sa batang Whang-Od. Lalapitan ng batang Whang-Od si Apo Whang Od.*

BATANG WHANG-OD:

Ikalawa, gumawa ng *luno*... O, bakit ka umiiyak? Nakuha mo naman ang gusto mo, naging mambabatok ka. Huyon Chi Mangajaw.

APO WHANG OD:

Ikaw! Ang tigas kasi ng ulo mo, sinabi ni ama, na wala kang mapapala sa pagbabatok pero tinuloy mo pa rin. Nasan na mga kasamahan mo? Si Whag Ay? Yung tinitingala mo? Nasaan na sila? Nagkabilang buhay na! Mga patay na! Kung hindi mo pinili ang pagbabatok, hindi sana ganito ‘to ngayon.

BATANG WHANG-OD:

Bakit ka nagagalit sa pinangarap ko? Walang kinalaman ang pagbabatok sa sitwasyon niyong mga Butbut ngayon. Hindi kasalanan ng *whiyug* ang paghihirap niyo, hindi kasalanan ng *lunu* ang kawalan niyo, hindi kasalanan ng tinik ng suha yang hapdi na nararamdaman mo dahil ikinahihiya ng mga Butbut ang mga batok nila. Tamad lang kasi kayo.

APO WHANG OD:

Bata ka pa, hindi mo naiintindihan.

BATANG WHANG-OD:

Anong mahirap intindihin? Hindi ganun kahirap kung magpupursigi lang kayo. Lahat ng mga problema niyo pinapasa niyo sa mga Lakay, kung hindi kayo nagsisialisang dito sa ili, edi sana tulong tulong tayong bumabangon.

*Tahimik.*

BATANG WHANG-OD:

Tignan mo ang balat mo. Tignan mo ang mga marka na nakamit mo noong kabataan mo. Ang bawat marka at linya, pinaghirapan mo yan. Whuyon Chi Manjayaw. Ang Butbut ay nasa sayo. Hindi lang sa balat mo, pati rin sa puso at katauhan mo.

APO WHANG-OD:

Alam ko, pero...

BATANG WHANG-OD:

Pakiusap, wag mong sukuan ang pangarap natin, Whang-Od. May oras pa.

AWIT 10: **ITO BA?**

APO WHANG-OD:

Noong bata pa ako  
Minsan ay nangako  
Na lahat ay gagawin  
Mundo'y maging akin  
Sinimulan ang panata

Sa balat binaon ang marka  
Kapalit ng dugo ang tinta  
Ang sugat na nagpalaya

Ngunit bakit ngayon  
Kay labo na ng kahapon  
Pangarap ba'y pangako  
Sa tadhana'y nakapako

KORO:

Ito ba ang kapalit ng lahat?  
Dito ba kaligayaha'y nasusukat?  
Paano kung lumihis ang puso  
Mula sa pangarap na binuo  
Ito ba ang halaga ng lahat?  
Bakit pangarap ay hindi sapat  
Upang buuin itong mundo  
Sa piling mo'y isusuko

*Manghihina si Apo Whang Od. Mauubo. Dadalhin si Apo Whang Od ng mga taong bayan sa lugar na malayo upang makapagpahinga. Matitira ang dalawang dalaga na tinuturuan ni Apo.*

ELYANG:

Siguro panahon na talaga na matigil na ang tradisyon na pagbabatok. Nagbabago na rin naman ang panahon. Sino pa ba ang nais magpabatok? Tinatago lang din naman nila ang mga tattoo nila.

GRACE:

Siguro nga. Hindi rin sapat ang pagbabatok bilang hanap buhay. Gusto ko rin na magkaroon ng maayos na trabaho o makapagaral sa unibersidad. Yung alam mong mapapakain mo ang pamilya mo dahil sumasahod ka buwan buwan. Hindi sa naghihintay tayo na may lumapit sa atin para magpabatok at para saan? Kapalit ng baboy?

ELYANG:

Nawawalan na ng saysay ang pagbabatok. Hindi sapat ang pagtatattoo. Lahat nang paghihirap at pasensya mo, pagmasid mo, pagensayo mo, pero wala ka ring mamamarkahan. Wala rin naman tayong mararating kung mananatili lang tayo dito.

GRACE:

Hindi ko alam bakit pinangarap natin ‘to. Siyam na taong gulang palang tayo, pinapanood na natin si Apo na magtipon ng uling, haluan ng tubig, lagyan ng hiwa ng kamote...

ELYANG:

Ang tinik ng suha, may amoy na nagtataboy ng masamang espiritu, pati na rin kung pano maghanda ng lunu.

GRACE:

Sabi ni Apo, Ang pagbabatok ay yaman nating mga Butbut. Sa pagbabatok natin mapapaalala sa mundo na tayo ay Butbut – nabubuhay at may sariling sining. Pero mukhang hindi na tayo makikila ng mundo.

*Papasok ang isang turista at hahanapin si Apo Whang Od para magpatattoo.*

TURISTA:

Whew, what a trek! Took me an hour just to reach this village! Oh excuse me! Is this Buscalan?

GRACE:

Yes.

TURISTA:

I'd like to get a tattoo from Apo Whang Od. I've seen pictures of her designs, and I loved it.

GRACE:

Come here! I will take you to Apo.

ELYANG:

Pwede ba nating bigyan ng tattoo ang taga labas?

TURISTA:

What a beautiful village you have!

ELYANG:

Hindi mo ba natatandaan ang mga kwento sa atin nina Ina na bawal lagyan ng batok ang hindi taga-ili dahil para sa Mingor at mga babae ng Buscalan ang mga ito?

GRACE:

Nalimutan mo na rin ba? Sabi ni Apo na bukas ang ili pati na rin ang pagbabatok sa kung sinumang nangangailangan nito. Nagbabago na ang mundo. Nauuso na ang Internet, may Facebook na nga. Marami nang makakakilala sa atin kung hayaan lang natin na kilalanin nila tayo. At sabay nito ang pagbabago ng kinagawian upang patuloy na mabuhay ang ating tradisyon.

*Matatahimik si Dalaga 2.*

GRACE:

Ito na rin ang pag-asa na makilala tayo ng mundo!

TURISTA:

So, what now?

GRACE AT ELYANG:

APO!!!

*Papasok si Harold ng entablado.*

HAROLD:

After an hour trek going to Buscalan, not only did I get a tattoo from Apo Whang Od, I also discovered stories behind the great artist and her community. The struggle to pursue a dream, the love she traded, and the strength to keep a tradition alive. Eleven years ago, if not for the art of tattooing, then the sight of tourists flocking to this small village will not be possible. Different people from around the world, whatever language they may speak, wants a mark from the great Whang Od that will not only leave a design to the skin, but a culture that persevered.

*Papasok ang mga turistang magpapatattoo, lalapit sa ang bawat isa sa mga babaeng mambabatok. Bawat isa ay magsasabi ng disenyong nais nilang ipagawa sa katawan. Matapos sabihin ng mga turista sa sisimulan na ang pambabatok.*

TURISTA 1:

I want the compass, for direction. Here on my arms. Growing up I thought my life has no direction. This tattoo will always remind me of my past and my future dreams.

TURISTA 2:

Gusto ko ng standing eagle, dito sa likod, para sa kalayaan. Para maramdaman kong may mga pakpak akong laging handang liparin patungo sa kalayaan.

TURISTA 3:

Yung fern ang gusto ko, limang taon na kaming kasal ng mister ko. Sabi nila ang fern daw ay para sa fertility. Sana magkatotoo!

TURISTA 4:

Scorpion ang sa akin. Strength and protection daw. Kailangan ko yan para sa trabaho ko. Laging nasa panganib ang trabaho namin bilang sundalo.

*Papasok ang taong bayan, kakausapin ang mga turista.*

LALAKI 1:

Apo, maraming salamat sa tulong mo sa pagpapagawa ng patubig.

BABAE 1:

Apo, maraming salamat sa abuloy mo noong ma-ospital ang anak ko.

APO WHANG-OD:

Tayo ay mga Butbut. Wala nang magtutulungan pa kundi tayo.

HAROLD:

Who would've guess that the tradition that almost died with the last of her bloodline, slowly built the village its name. Apo Whang Od, who was not accepted by the love of her life for being a half blood native, is now the hero of the tribe.

### **IKALAWANG TAGPO**

*Papasok ang mga turista mula sa iba't ibang panig ng mundo. Bahagyang aatras at mistulang nanunuod ng isang palabas ang mga Butbut.*

KORO:

Kami ay nagmula sa kung saan man  
We came to seek Whang-Od of Buscalan  
Handang akyatin ang anu pa man  
Just to get a tattoo from Buscalan

TURISTA 1:

My name is Helena Sanz, 24, Germany!

TURISTA 2:

Ala eh, ako si Norman Crisostomo, 29, mula sa Lipa, Batangas!

TURISTA 3:

I am Yayoi Murakami, 36, from Japan!

TURISTA 4:

Mabuhay! I am Heidi Serrano, 26, Cagayan de Oro, Philippines!

TURISTA 5:

Ola, mi nombre Gerardo Inquiran, bente dos anos, Caratacata, Colombia!

KORO:

We all want a mark on our skin  
Upang ang sarili ay maging akin  
We are ready to take all the pain

*Matapos ang awit ay makikisalamuha ang mga turista sa mga Butbut.*

AWIT 11: **HINDI KO PINANGARAP**

APO WHANG-OD:

Ni minsa'y hindi ko naisip  
Ang mabuhay sa aking panaginip



Ngunit ngayo'y narito na  
Ang pinapangarap na tadhana.

*Papasok ang bata at dalagang Whang-Od.*

BATANG WHANG-OD:

Noong bata pa ako'y nangarap lang

Na ang pambabatok ay matutuhan  
Laman sila ng aking mga panagip  
Mga batok ay nabuhay sa aking isip

DALAGANG WHANG-OD:

Hindi ko inakala na ang pag-ibig  
Ay dumadaloy tulad ng tubig  
Hindi man ako nakipag isang dibdib  
Lumaya naman ako mula sa yungib

KORO:

Ni minsa'y hindi ko pinagarap  
Ang lahat ng ito ay maganap

BATANG WHANG-OD:

Na matutunan ko ang pambabatok

DALAGANG WHANG-OD:

Na kalimutan ang pusong tumitibok

KORO:

Ang ngayo'y hindi na lamang pangarap  
Ang naririto at ang hinaharap  
Ano pa ba ang siyang magpupuno

Sa nagawa ko dito sa mundo

APO WHANG-OD:

Ang pangarap pala'y isang tadhana

BATANG WHANG-OD:

Na sarili ang siyang magtatakda

DALAGANG WHANG-OD:

Nabubuhay ito sa bawat paglikha

KORO:

Isang pag-aalay ng sarili sa kapwa

*Papasok ng entablado si Harold, lalapit kay Whang-Od.*

HAROLD:

Apo, it will be an honor for you to tattoo me the Sun and Moon, here on my chest, as a symbol for life. I am from Iowa, I travelled for more than two days just to reach Buscalan. The beginning of this journey is like a pilgrimage. Not to reach a sacred site or a holy object just to visit or to see, but a pilgrimage to commune with another human being. The journey to Buscalan is like rite of passage to earn the tattoo. The one hour of dangerous trek to reach Buscalan in the sweltering heat seemed like a test of the spirit. When I first saw you in photos, Apo Whang-Od, you looked ancient, but beauty and youth radiated from your smiling eyes. I know that getting the tattoo is painful, but the pain is necessary, a gesture, an offering, a sacrifice of the self. Thank you so much Apo. You don't know how much this means to me. I have suffered a painful childhood, growing up with abusive parents, and getting this tattoo with a lot of history, with so much meanings will always be a reminder that no matter how life or how people forget about people,

there will always be you and this tattoo whose life is about sharing and giving.  
And it will live on in me, and in all whose skin you had, have, and will tattoo,  
including those tattooed by your angels. You made it possible for this art to survive.

APO WHANG-OD:

Ang pagiging isang mambabatok ay isang pag-aalay ng sarili sa nakaraan, sa tribo,  
at higit sa lahat, sa kapwa.

*Papasok ang mga nalagyan ng batok ni Whang-Od.*

KORO:

Nasa balat namin ang kasaysayan  
Na hindi mabubura nang sinoman  
Doon, isang panahon, sa Buscalan  
Pangarap namin ay isinakatuparan

Isang babaeng dangal ng lahi  
Na minsa'y nangarap at nagpunyaging  
Na ilapat sa balat ang ibon at buwan  
Baunin ang pangako magpakailanpaman

APO WHANG-OD:

Ni minsa'y hindi ko naisip  
Ang mabuhay sa aking panaginip  
Ngunit ngayo'y narito na  
Ang pinapangarap na tadhana.

KORO:

Ang pangarap pala'y isang tadhana

Na sarili ang siyang magtatakda  
Nabubuhay ito sa bawat paglikha/nilikha  
Isang pag-aalay ng sarili sa kapwa.

*Yayakapin ni Harold si Whang-Od.*

**HAROLD:**

I guess this is goodbye now.

**WHANG-OD:**

Walang paalam, nariyan ako at ang mga Butbut sa balat mo.

*Lalabas ng entablado si Whang-Od.*

**TELON**